

1

Maingat na nilalagyan ni Lola Dolor ng mascara ang pilik-mata habang nakaharap sa basag na salamin. Malas daw ang tumingin sa basag na salamin, ngunit walang budget gustuhin man ng matanda na bumili ng bago.

Mabuti pa itong ballroom dancing na sinalihan ko—libreng programa ng barangay para sa aming mga senior citizens, saloob niya.

Kung may bayad, nunca siyang sasali.

Kulang na nga ang kita ko sa mga gastusin sa araw-araw, sasali pa ako sa kung anong kaek-ekan?

Tagabantay si Lola Dolor ng mga puntod sa *Evergreen Christian Cemetery*, isang maliit at eksklusibong sementeryo sa Quezon City. Tagabungkal ng lupa, tagalinis at tagadilig ng mga halaman na nasa paligid ng mga puntod. Ang dampa kung saan nakatira sila ng apo ay nakatayo sa likod lang ng mataas na bakod ng sementeryo. Sa ilang salita, si Lola Dolor ang reyna ng *Sementeryo Evergreen!*

“Rina!” tawag niya sa apo na nagsasaing sa labas ng kanilang bahay. “Nakita mo na naman bang

napabisita si Dr. Dee sa puntod ng asawa niya?”

Gusto kasi niyang makapangasawa ng mayaman ang apo. At saan pa ba sila makakakita ng mayaman? Eh, di sa sementeryo! Maraming mayayamang biyudon.

At sa lahat ng puwedeng mabiyudo, ang napakabata pang si Dr. Dee! At ito ang napupusuang kandidato ni Lola Dolor para sa apo.

Nakita niya ang napakaguwapong manggagamot minsang dumalaw ito sa mga magulang nitong nakahimlay sa *Evergreen*. At rinig niya sa ibang tagabantay ng puntod na napakayaman daw ng lalaki. Isang surgeon!

Sa malas ay namatay rin ang napakaelegante nitong asawa kailan lang at dito rin sa *Evergreen* inilibing. Masama man ang lumigaya sa kawalan ng iba, hindi niya mapigilang pangarapin na masungkit ng apong si Rina ang doktor.

Maganda si Rina. At pinaniniwalaan iyon ng matanda hindi dahil apo niya ang dalaga. May height, balingkinitan ang katawan, matalino kahit hindi niya napatapos ng kolehiyo at maganda ang personalidad.

Aba, halos buong Barangay III-C ang gustong manligaw kay Rina! Pero itong si Rina,

nakikipagmabutihan sa driver na si Rolly.

Hindi puwede! Magkakamatayan muna kami bago mapunta sa isang Rolly lang ang aking apo!

“Opo, kahapon,” sagot ni Rina. “Mukhang malungkot na naman.”

“Eh, di dapat nilapitan mo at kinausap. Bigyan mo ng konsolasyon!” Naglagay ang matanda ng nakamamatay na pulang lipstick sa bibig.

Binigyan siya ni Rina ng masamang tingin. “Bakit hindi na lang kayo ang maghanap ng mayamang biyudo na aasawahin?”

Natahimik si Dolor. Ang totoo ay marami na siyang pinuntiryang biyudo pero lahat malas. Ewan ba niya at wala siyang suwerte. Wala na siyang pag-asa kaya mag-ballroom na lang siya. Itinaas niya ang kamay, nag-dip at nagpaatras-abante ng cha-cha.

“Aalis na ako,” pagtatapos niya sa diskusyon.

Agad siyang lumabas ng bahay at dumerecho sa maliit na dance studio ni Miggie Bakla para makipagsayawan kasama ang ibang senior citizens ng Barangay III-C.

The Rich Widower - Sefah Mil

Nagbihis muna si Rina ng puting T-shirt at faded jeans bago pumunta sa loob ng *Evergreen Christian Cemetery* para maglinis ng puntod. Wala siyang trabaho ngayon. Nag-resign siya bilang technician/cashier sa computer shop ni Munding.

Gusto ba naman siyang gawing kabit? Aba! Kadalaga niyang tao, papatol siya sa may asawa? Mabuti sana kung may hitsura. Eh, parang baboy na kakatayin iyong si Munding.

Naglalakad siya sa maliit nilang kalye nang makasalubong ang nanay ng nobyong si Rolly na si Aling Maning. Masakit ang tingin nito dahil nga hindi boto sa kanya para sa anak. Ang gusto nitong maging nobya ni Rolly ay ang gurong si Minnie na tagakanto.

Nag-away nga nitong nakalipas na buwan ang kanyang Lola Dolor at si Maning. Anang lola niya, parang kung sino raw kung pumili itong si Maning ng nonobyahin ng anak gayong wala ring tinapos na kurso si Rolly.

Nabuwisit siya sa kasintahan dahil hindi nito dinidisciplina ang pagkamatapobre ng ina. Sinagot ba naman siya na mas matapobre raw si Dolor? Sa ngayon, giyera sila ni Rolly. Pero hindi ibig sabihin na dahil war sila ng nobyo ay papayag na siya sa gusto ng lola niya na akitin si Dr. Gonzalo Dee. Naku naman,

sa guwapo at yaman niyon, nunca na papansinin siya. Magsasayang lang siya ng oras.

Pinapasok siya ng guwardiyang bantay sa sementeryo at dumerecho siya sa mga puntod na malapit sa water fountain. Sa pamilya Guzman iyon, ipinaasikaso sa Lola Dolor niya. Nagbubunot siya ng mga ligaw na damo sa palibot ng magkakatabing lapida nang nakita niyang may magarang itim na sasakyan na huminto sa malayuan. Bumaba roon si Dr. Gonzalo Dee na naka-long sleeves at dark sunglasses.

Tumigil siya sa pagbubunot ng damo para mas mapagmasdan ang doktor. Aaminin na niya... crush niya ang lalaki pero alam niya kung saan ilalagay ang kanyang paghanga. Nalulungkot siyang tingnan na mapanglaw ito. Siguradong malaking pighati ang nararamdaman nito sa pagkamatay ng asawa.

Nakita niya si Mrs. Dee noong buhay pa ito. Dito rin kasi nakahimlay ang mga magulang ni Dr. Dee at paminsan-minsan ay napapadalaw ang mag-asawa. Pansinin ang mga ito, lalo na si Mrs. Dee dahil napakatangkad at parang emperatris ang postura. Hindi sobrang ganda pero masyadong malakas ang dating ng aristokrata nitong mukha, napakatangos ng ilong na parang may lahing Turko at matiim kung

makatingin ang mga mata.

Si Dr. Dee—chinito at elegante rin kung gumalaw at may aura itong mabait, hindi tulad ni Mrs. Dee na suplada sa unang tingin pa lang.

Hindi nagtagal ang lalaki sa puntod ng asawa. Mga sampung minuto lang itong tumayo roon at bumalik na uli sa sasakyan. Abala siya sa pagtanaw sa papaalis na sasakyan nang tumunog ang kanyang cellphone. Si Rolly, nagtext.

Kita tayo. Puntahan kita mamayang 5:30 sa puntod ng mga Guzman.

Alas cinco pa lang kaya kalahating oras pa niya hihintayin ang kasintahan. Nakinig na lang siya sa FM radio ng cellphone. Pagdating ng alas cinco y media, hindi pa rin dumarating si Rolly.

Pagsapit ng alas seis at wala pa ito ay nagpasya na siyang umuwi dahil papadilim na ang langit. Patayo na siya nang may isang itim na sasakyan uli na dumaan papunta sa puntod ni Mrs. Dee. Napakunot ang noo niya nang may lumabas doon na isang matangkad na babaeng nakapalda.

Parang si Mrs. Dee sa postura at pati sa paglakad. Huminto ito sa puntod at napatingin-tingin sa paligid na parang hindi komportable na tumayo roon.

Pagkatapos ng ilang saglit ay tumalikod ito para kausapin ang kung sinumang nasa loob ng itim na sasakyan.

Napamulagat si Rina. Hindi siya nagkakamali. Kamukha ni Mrs. Dee ang babae. Paano nangyari iyon? May kakambal ba ito? Kinilabutan siya.

Hindi rin nagtagal ang look-alike ni Mrs. Dee sa puntod. Pumasok na ito sa sasakyan at nang dumaan iyon sa harap ng water fountain ay ikinubli ni Rina ang sarili sa palm tree. Kung anumang gulo ito, ayaw niyang malaman ng iba na may alam siya. Mukhang delikado!

Nag-ring ang kanyang cellphone. Si Rolly. Bukas na lang daw sila magkita dahil nasiraan ito ng sasakyan at kailangan pa nitong ipakumpuni. Inaway niya ito dahil pinaghintay pa siya rito sa sementeryo.

Nangilabot talaga siya sa nakita.

Abala si Dr. Gonzalo Dee sa kaaaral ng utak ng pasyente sa radiograph nang pumasok sa kanyang klinika ang sekretarya para mag-report tungkol sa ipinapahanap niyang tagapag-alaga ng puntod ng asawa. Unang araw ito ng pagbabalik niya sa trabaho. Nagpahinga siya nang dalawang buwan. Kailangan

niyang ayusin muli ang sarili, tanggapin na walang gramo ng pagdadalamhati ang makapagbabalik kay Rose mula sa hukay.

Nami-miss niya ang mga kuwentuhan nila, ang matatalino nitong pangungusap, ang paglalambing, ang mumunting halik. Hanggang ngayon ay hindi niya pa rin matanggap na wala na ang kabiyak. Limang taon din silang nagsama bilang mag-asawa at parang gumuho ang mundo niya nang tawagan siya ng mga pulis para sabihing sumabog ang kotse na sinasakyan ni Rose pagkatapos mahulog sa isang bangin sa Tagaytay, malapit sa vacation house nila roon.

“Sir, meron po doong tagabantay na sa likod lang ng sementeryo ang bahay, Dolores Galang po ang pangalan. Taga-Number 26, Barangay III-C po. Malapit daw po ’yun sa *Ningning’s Sari-Sari Store*.”

Tumango siya sa sekretarya. “Sige, ipagtatanong ko na lang.”

Gusto niyang paalagaan ang puntod ni Rose. Hindi niya iyon maaasikaso dahil sa trabaho. Pagdating ng alas cuatro ay lumabas siya ng hospital at pumunta sa Barangay III-C. Nagtanong siya sa mga tambay sa *Ningning’s Sari-Sari Store* at itinuro siya sa isang eskinita. Dinerecho niya iyon hanggang sa

pinakadulo at kumatok sa isang pinto. Pinagbuksan siya ng isang babae na naka-duster.

“Dito po ba nakatira si Miss Dolores Galang?”

“Bakit?”

Nabakas niya ang takot sa boses ng babae kaya napatitig siya rito nang matiim. Hindi niya agad napansin na may hitsura ang kaharap dahil unang nagrehistro ang simple nitong bestida. Pero ngayong nakatitig siya sa tila bagong gising nitong mukha at parang hindi pa nasusuklay na mahabang buhok, napalunok siya sa ganda nito.

Tila kaylambot ng kutis nito. Mahahaba rin ang pilik-mata ng babae. Para itong sexy Latina actress sa kabila ng lumang duster na suot.

“I’m Dr. Gonzalo Dee.” Iniabot niya ang kamay sa babae.

Nakita niyang nag-atubili pa ito bago inilahad ang kamay. “Rina... Rina Galang.” Binuksan nito nang maluwang ang pintuan at pinaupo siya sa hapag-kainan.

Umupo siya sa harap nito. “Naghahanap kasi ako ng mag-aalaga ng puntod ng asawa ko. Kung may libreng oras pa po sana si Aling Dolores, baka

puwedeng siya na lang.”

Namutla ang babae sa narinig at nanlaki nang husto ang mga mata na parang nakakita ng multo. Napakunot siya ng noo sa reaction nito. “May problema ba?”

Napailing ito. “Di—wala... dysmenorrhea lang ’to.” Napatitig ito nang matagal sa kanya na parang nagdadalawang-isip bago nagtanong. “May kakambal po ba ang asawa n’yo?”

“Kakambal?” Napailing siya. “Rose was an only child.”

Lalong namutla si Rina, putlang-putla na parang hihimatayin sa nerbiyos.

“Are you okay?” Itinaas niya ang kamay sa noo nito. May sinat ito.

Hindi nito sinagot ang tanong niya. Napatitig lang ang dalaga, titig na parang sa bata. Sa unang pagkakataon simula nang namatay si Rose ay napangiti siya, an amused smile. Itinaas niya uli ang kamay para hapusin ang pisngi ni Rina.

“You’re very pretty, you know?”

Titig lang uli ang sagot nito.

“Rina! Nabilhan mo ba ako ng pangtina ng buhok?” malakas na sigaw mula sa labas.

At hindi nagtagal ay pumasok ang isang patpating matandang babae na nakasuot ng napakaseksing itim na damit, itim na stockings at itim na pares ng sapatos. May malaking bulaklak pa itong pula sa likod ng tainga. Nakilala na niya ito; lumapit ito minsan sa kanya para magbigay ng pakikiramay. Hindi nga lang niya natandaan ang pangalan ng matanda.

“*Dios Mio!*” bulalas nito pagkakita sa kanya. “Dr. Dee! Dr. Dee! Dr. Dee!” Parang kilig na kilig ito.

Para siyang artista, ah.

Nagpakilala ang matanda bilang si Dolor Galang. At ipinakilala uli nito sa kanya si Rina, kompleto mula sa kapanganakan ng apo, civil status, mga katangian hanggang sa pinakapaboritong kulay. Halatang proud na proud ito sa apo na mukhang nawawala sa sarili.

Hindi nagsasalita si Rina, tila may kung anong takot na umuusig dito.

Kinausap niya si Dolor tungkol sa puntod ng asawa at agad itong pumayag. At nang nagkasundo na sa magiging bayad ay nagpaalam na rin siya sa maglola para makauwi.

The Rich Widower - Sefah Mil

Bago umalis ay sinabihan niya si Rina na uminom ng *Hyoscine* para sa dysmenorrhea.

2

Walang kakambal si Mrs. Dee! Ibig sabihin ang babae mismo ang nakita ni Rina. Mahabaging langit! Hindi naman siguro multo ang nakita niya. Feeling niya tuloy si *Nancy Drew* siya. Ano kaya ang mysteryong nakabalot kay Mrs. Dee? Kawawa naman si Dr. Dee. Nahihirapan ito sa pagpanaw ng asawa na hindi naman pala patay.

Nag-search siya sa *Internet* tungkol kay Dr. Gonzalo Dee. Puro medical journals ang lumabas. Isa pala itong tanyag na batang surgeon at sa America pa nagpatuloy ng residency nito. Doon din nito nakilala at pinakasalan si Rose... na buhay pa pala.

Ang sosyal, pero walang kiyemeng tumuloy sa kanilang gusgusing dampa!

Nag-aabang siya ng jeep sa Crossing dahil pupunta siya sa city hall para kumuha ng community certificate nang nahagip niya ng tingin ang jeep ni Rolly. Nagtayuan talaga ang mga balahibo niya sa batok nang makitang ang guro lang na si Minnie ang pasahero nito. Nakaupo sa tabi ng driver's seat ang dalaga.

The Rich Widower - Sefah Mil

Kanina ay nag-text siya sa nobyo na samahan siya sa city hall. May gagawin daw ito kaya hindi makakasama. Iyon pala, ihahatid lang si Minnie. Minura niya ang lalaki sa text. Hindi ito nag-reply.

At ang masakit pa, pagdating niya sa kanilang bahay ay may itsinismis sa kanya ang kaibigang si Ganggang. Narinig nito na nagdadakdak na naman daw si Maning sa *Ningning's Sari-Sari Store*. Puring-puri raw ng ginang si Minnie dahil professional daw ito, hindi tulad niya na tagabunot lang ng damo sa sementeryo.

Nasaktan siya sa pangmamata ng ina ni Rolly. Ano ba ang masama sa pagiging tagabantay ng puntod? Disente ang trabahong iyon.

Dahil sa sakit ng loob ay napunta siya sa sementeryo para umutang ng pera sa kanyang Lola Dolor. Bibili siya ng diyaryo para maghanap ng trabaho. Mas magpupursigi siya ngayon para ipamukha sa mag-ina na kahit tagabunot lang ng damo sa sementeryo ay may mararating din siya.

Sa puntod ni Mrs. Dee niya natagpuan ang abuela. Nagdidilig ito ng Bermuda grass. Nangilabot uli siya. Gusto niya sanang isumbong sa lola ang nakita ngunit mas makabubuti siguro na itago na lang niya dahil tsismosa itong si Lola Dolor.

The Rich Widower - Sefah Mil

Nakatalikod na siya sa puntod nang dumating ang kotse ni Dr. Dee. Nakasalubong niya ito at naamoy niya ang citrus na pabango ng surgeon. Nakaramdam siya ng kilig dahil ang bango nito, iyong mamahaling bango. Gusto niya sa lalaki iyong mabango, at si Dr. Dee na yata ang pinakamabangong lalaking naamoy niya.

Nagliparan tuloy ang sakit ng loob niya dahil nakita niya ito. Dapat pala pag mabigat ang loob niya, pumunta siya sa sementeryo para makita ang surgeon. Sana matagal itong magdalamhati para laging dumalaw roon.

Napaka-selfish niya. Kasi kapag nakapag-move on na ito, hindi na ito magiging madalas sa pagbisita sa sementeryo. Sabihin niya kaya rito na nakita niyang buhay si Mrs. Dee. Ano kaya ang magiging reaction nito? Huwag na niyang alamin dahil mas mabuting tumahimik na lang siya.

Kinabukasan, pumunta siya ng Commonwealth para mag-apply bilang clerk sa isang opisina na nagdi-distribute ng softdrinks. Ang problema, marami rin ang nakapila at college graduate pa ang iba.

Hindi niya maiwasang makadama ng insekyuridad. Isang semester lang ang nakaya nila ng lola niya sa kolehiyo. Hindi siguro ganito kahirap

kung may diploma lang siyang hawak. Palagi siyang nasasabihan ng mga kakilala na mag-apply na lang sa mga clubs. Ayaw niya. May maganda siyang pinsan na nag-model-model, hayun nagahasa ng customer.

Ayaw niyang mangyari sa kanya ang nangyari sa kanyang pinsan. bukod sa pagiging clerk ay nag-apply rin siya bilang kahera sa isang convenience store at ticketing office. Naghintay siya ng isang linggo para sa tawag ng mga ito ngunit wala ni isang dumating. Nakaka-depress lalo na kapag nakikita niya ang pagmumukha ni Aling Maning. At napaiyak siya nang marinig kay Ganggang na pormal nang nililigawan ni Rolly si Ma'am Minnie.

Mababa ang morale niya habang nanonood ng TV. Noon pumasok si Lola Dolor sa kanilang dampa.

“Rina, kinausap ko kanina si Dr. Dee kung may trabaho siyang maibibigay sa 'yo. Sinabi kong undergrad ka sa Computer Science at nakapagtrabaho na sa computer shop. Sabi niya magli-leave raw sa susunod na linggo ang sekretarya niya dahil masyadong maselan ang pagbubuntis. Naghahanap siya ngayon ng temporary na sekretarya kaya kung gusto mo raw, puntahan mo siya.”

Naalala niya uli si Mrs. Dee at kinilabutan na naman siya, pero kailangan niya talaga ng trabaho

kaya kahit maraming agam-agam ay naghanda siya sa pagpunta sa klinika ni Dr. Dee. Siyempre dapat maganda siya kaya nagbihis siya ng bestida at pumunta sa klinika ng doktor na nasa twenty-eighth floor ng isang medical tower sa Pasig. Ang buntis na sekretaryang si Annalou ang tumanggap sa kanya at nagsabing nasa Singapore pa si Dr. Dee dahil may operahan ito roon.

Ipinaliwanag sa kanya ng babae ang kanyang mga gagawin. Ang pinakauna niyang aasikasuhin palagi ay ang schedule ni Dr. Dee. Tuesday hanggang Friday, alas nueve ng umaga hanggang alas onse ay nasa klinika ang doktor. Alas dos hanggang alas seis ay nagki-clinic ito sa *Asian Hospital*. Weekends nito palagi ginagawa ang mga operasyon. Dapat siguraduhin niya raw na makakarating ang doktor sa mga schedules nito. Kung hindi ay agad na tawagan ang mga pasyente para mag-cancel. At kailangan siyang makipag-coordinate palagi kay Jenny, ang sekretarya ni Dr. Dee sa *Asian Hospital*.

Masaya na siya pag-uwi dahil nga ang sosyal ng papasukan niya at malaki pa ang sahod. Anim na buwan din na magpapahinga si Annalou at siyempre magandang experience ito na bonggang ilagay sa resume na naging sekretarya siya ng isang surgeon. Nang makasalubong niya si Aling Maning ay nang-

isnab siya. Mataas na ang level niya ngayon.

Naroon nga at nakatambay si Rolly sa *Ningning's Sari-Sari Store*. Hindi man lang niya ito binigyan ng tingin. Pagdating niya sa bahay ay napa-dip uli at napa-chacha si Lola Dolores nang binalita niya rito ang mga natutunan sa klinika. Lumabas ito ng dampa at pagbalik pagkatapos ng isang oras ay may dala nang tatlong daan. Nangutang daw para makapag-ukay-ukay silang dalawa para sa mga susuotin niya bilang sekretarya ng isang doktor. Excited silang pumunta sa palengke para makawagwag ng mga damit. At ang lapad ng kanilang mga ngiti na natiyempuhan nila na sixty pesos lang ang mga damit ngayon. Napailing siya sa mga gusto ni Lola Dolores. Ang tipo nitong style ay iyong mga labas ang cleavage.

“Sa klinika po ako papasok so dapat disente,” saway niya sa matanda.

“Ano ka ba? Paano mo maaakit si Dr. Dee kung iyang mga hindi kaakit-akit ang susuotin mo? Napakamanang mo!” Kinuha nito ang pulang palda at hinapit sa kanyang baywang.

“Ayaw ko niyan!” Hinagip niya ang itim na slacks.

“Rina, tumingin ka nga sa akin,” tawag ni Lola Dolor. “Example, ako si Dr. Dee, paano mo ako aakitin

sa tingin?”

Binigyan niya ng tinatamad na tingin ang kanyang lola para tumigil na ito.

“Walang malilibugan sa ’yo niyan, ’Day.”

Hindi na siya sumagot. Masyado silang mapangarapin ng lola niya kung umaasa silang maaakit niya si Dr. Dee. Kung ikukumpara siya sa pagkaelegante ni Mrs. Dee, wala siya. At iyong nakita niya. Kung buhay pa ito, ibig sabihin hindi pa talaga totoong biyudo si Dr. Dee.

Ninenerbiyos na naman siya sa iniisip. Bahala na. Wala namang nakakaalam na nakita niya si Mrs. Dee, na alam niyang buhay ito. Ang importante ay may trabaho siya at makakalakad na siya ng taas-noo kapag nakasalubong niya si Aling Maning at ang walang kuwenta nitong anak na si Rolly.

Unang araw ng kanyang pasok ay maaga siyang nagising at nag-ayos. Suot ang itim na slacks, lilac long sleeves, at itim na bag ay bongga siyang nagrampa sa kanilang kalye.

“Aba, sosyal ngayon si Rina, ah,” bati ng matandang si Constancia na kasama ni Dolor sa ballroom dancing.

Pati ang mga tambay ay napapapito.

“Rina, ligaw kami uli mamaya sa ’yo,” sabi ng isa.

Hindi niya ito sinagot. Naghintay siya ng jeep sa Crossing.

Saktong dumaan si Rolly. “Rina, sakay na. Ihahatid kita sa EDSA.”

Himala at mag-aaksaya ang isang ito ng gasolina para ihatid siya sa EDSA gayong magpapasama nga lang siya minsan sa city hall ay nangunguripot pa.

“Huwag na at baka ma-tetanus pa ako sa kalawang ng jeep mo.” At nagpara siya ng papadaan na jeep. Nakita na lang niya na napailing si Rolly.

Alas ocho pa lang ay naroon na siya sa klinika. Mabuti na rin dahil may maagang dumating na mestisuhing matandang pasyenteng lalaki. Hinanap niya ang record nito sa drawer at ayon doon, isa itong Colombian diplomat. Dumugo tuloy ang ilong niya sa kaka-English dahil nagtatanong ito ng schedule ni Dr. Dee.

Mabuti na lang at dumating din ang matabang nurse na si Mimi at tinulungan siya nito na sumagot sa mga tanong ng pasyente.

Eksakto alas nueve dumating si Dr. Dee at napuno

ng amoy ng aftershave nito ang receiving area. Kinilig na naman siya at pasimple niyang sininghap ang hangin. Ang bango kasi, lalaking-lalaki. At mukhang ang sarap nitong yakapin ngayong bagong ligo.

“Hi, Rina,” bati ni Dr. Dee sabay senyas sa diplomat na pumasok na sa loob ng silid nito.

Nang naisarado ang pinto ay kilig na kilig si Mimi. “Nakakagigil talaga si Doc Dee. Panalo ang sex appeal.”

Napahagikgik din siya. “Ang bango!”

Dahil hindi pa ipinapatawag ng boss, umupo muna sandali si Mimi sa harap niya para makipag-chikahan tungkol sa kanilang mga buhay-buhay. Nadapo muli ang usapan sa doktor.

“Paano nga pala namatay si Mrs. Dee?” Hindi na talaga niya mapigilan ang sarili na magtanong.

“Hay naku, sumabog ang kotseng sinasakyan. Sunog na sunog talaga si Mrs. Dee. Halos hindi na siya makilala.”

Napailing si Rina. Para pala itong telenovela. Siguro ibang tao ang pinasakay sa kotse pagkatapos pinasabog lang. Pero bakit kaya iyon ginawa ng babae?

Kawawa naman ang nagdadalamhating surgeon. At isa pa, sino ang kakuntsaba ni Mrs. Dee? Sino ang kasama nito sa kotse nang makita niya ito sa sementeryo?

Hindi pa nakakalabas ang Colombian diplomat nang may dumating pang dalawang pasyente. At may tatlo pa uli, saktong alas onse sila natapos. At dali-daling umalis ang surgeon para makapunta sa sunod na schedule.

Nang sumunod na araw ay ganoon din ang nangyari. Dumating siya nang alas ocho, dumating ang surgeon nang alas nueve, humagikgik si Mimi, darating ang mga pasyente. Pagkatapos, kapag alas onse na ay magmamadali si Dr. Dee, aalis papunta sa sunod na schedule. Nakaabot sila ng tatlong linggo na ganoon hanggang sa nagtanong si Lola Dolor kung kamusta na ang pang-aakit niya sa doktor.

“Wala! Hindi ko siya inaakit, ’no!”

“Bakit hindi? Malaking isda na ’yan na kaydaling bingwitin, bakit hindi mo pa mabingwit-bingwit?”

“Ni hindi nga napapatingin sa akin si Dr. Dee kapag pumapasok ng klinika.”

Natahimik si Lola Dolor at napasindi ng tabako. “Sabihin mo nga kung ano ang ginagawa mo sa

opisina araw-araw. Paano'ng hindi siya tumitingin sa 'yo?"

Ikinuwento niya rito ang pattern ng kanilang mga ginagawa.

Napaisip nang matagal ang matanda, tila nagpaplano. "Guluhin mo ang pang-araw-araw ninyong gawain. Eto, Hija, ganito ang gagawin mo!" Kinaladkad siya ni Lola Dolor na maupo sa papag. Na-excite ang matanda sa iniisip. "Kung magpatimpla siya ng kape, gawin mong sobrang tabang. Kung matapon sa lamesa niya, punasan mo nang nakaduko at kitang-kita ang cleavage mo. Alam mo ang mga biyudo na 'yan, nangangailangan 'yan."

Napailing si Rina sa naririnig sa abuela. Wala nang mas nakakaloka sa kapamilya. Hindi pa ito nakontento, kinuha nito sa aparador ang itim na bestidang pang-ballroom. Lagyan lang daw ng blazer at pangklinika na. Mababa ang cut ng damit kaya kapag dumuko siya ay pihadong kitang-kita ang dibdib.

Napatawa siya sa suhestiyon. Nang sumunod na araw, hindi niya sinuot ang damit kahit pa inihanda na iyon ni Lola Dolor. Imposible talagang maakit niya si Dr. Dee. Masyado pa itong lulong sa dalamhati para mamansin ng ibang babae. Eksakto alas nueve

muling dumating ang surgeon at kumpara sa ibang araw, mas malungkot ang mukha nito at mukhang walang tulog.

Nakadama siya ng kakaibang bagabag at awa. Walang konsyensya iyong si Mrs. Dee para pekein ang kamatayan. Kung alam lang nito kung paano nagdadalamhati ang asawa ay baka magsisi rin ito. Kung may kapangyarihan lang siyang pawiin ang kalungkutan ng biyudo ay gagamitin na niya. Pumasok sa kanyang kukote ang suhestiyon ni Lola Dolor at umandar ang kapilyahan niya.

I-try niya kayang gawin iyon? Hindi naman sa umaasa siya. Gusto niya lang tingnan kung eepekto.

Nang sumunod na araw ay maaga siyang umalis sa kanila at inilagay sa plastik ang damit dahil ayaw niyang isipin ng kanyang lola na pumapayag siya sa ideya nitong akitin ang doktor. Sa isang restroom sa *SM Megamall* siya nagbihis, pagkatapos ay sumakay ng taxi papunta sa medical tower.

“Ang ganda-ganda ngayon ni Ma’am, ah,” bati ni Manong Guard.

Nginitian niya ito. Tiningnan niya ang sarili sa metal doors ng elevator. Sexy nga talaga ang damit kahit tinakpan niya ng flesh na coat.

Si Mimi pagkakita sa kanya ay napaa-“vavoom”. Si Dr. Dee pagkapasok sa silid ay medyo napatagal ang titig sa kanya nang tatlong segundo. Kahit tatlong segundo lang iyon, at least mas mahaba kaysa sa pangkaraniwan.

Napailing si Gonzalo nang nakapasok na sa klinika niya. Medyo natigilan siya nang nakita si Rina dahil ang sexy nito ngayong araw. Mabuti nga at medyo napigilan niya ang sarili na tumitig. Nakakahiya kayang tumitig. Pinapasok niya ang pinakaunang pasyente na nagkakaroon daw ng kakaibang halusinasyon. Nakakakita raw ito ng mga demonyo at minsan daw ay sobrang sakit ng ulo. Sa tingin niya ay mayroong tumor sa cerebrum ang pasyente kaya nagha-hallucinate. Binigyan niya ito ng referral for MRI scan para matingnan nila ang laman ng utak. Palabas na ang pasyente sa silid nang nag-ring ang kanyang cellphone. Ang kumpare niyang si Rick ang caller; nangungumusta at kung puwede raw mahiram ang isang reference book niya. Nawala raw ang libro nito.

Pumayag siya at sinabing ipahahatid ang libro sa kanyang sekretarya. Tinawag niya si Rina para utusan itong kunin ang libro sa bahay niya.

“Wait... before you leave, pakitimpla muna ako ng kape.”

“Opo,” sagot ng sekretarya. Pagkatapos ng dalawang minuto ay inilapag nito ang tasa ng kape sa mesa. Nang matikman ay nasamid siya sa sobrang tabang niyon. Tumalsik tuloy sa lamesa.

“Sorry po!” sabi ni Rina sabay duko para punasan ang mesa ng tissue na nasa mesa niya.

Hindi na siya naka-react nang nagisnan ang umbok ng dibdib ng sekretarya. Bilog na bilog at ang kinis. Sa totoo lang, mataba at bilog na dibdib ang kahinaan niya sa babae at iyon ang wala kay Rose. Naramdaman niya ang pagtigas ng kanyang alaga at hindi niya iyon inasahan. Mabuti naman at agad ding natapos sa pagpupunas si Rina at lumabas na ito ng silid matapos itapon ang basang tissue sa basurahan sa gilid.

Napailing siya sa nararamdamang init. Hindi maganda na pagnasaan niya ang kanyang sekretarya. Dapat trabaho kapag oras ng trabaho.

Parang maloloka si Rina nang makapasok sa bakuran ng mansion ni Dr. Dee. Mediterranean ito, kulay dalandan at earth green ang pinta, kulay-

kapeng ladrilyo at seramikang bubong.

Ay, mahal na niya ngayon si Dr. Dee dahil ang gara ng bahay! Napatawa siya sa sarili. Pinagbuksan siya ng katulong. Napakaaliwalas ng silid na pinagpatuluyan sa kanya, punung-puno ng rustic furniture na gawa sa mahogany. May mga paintings sa dingding na ayon sa katulong ay collection ni Mrs. Dee.

Pakiramdam niya ay napunta siya sa isang pamamahay sa isang isla sa Greece. Dinala siya ng kasambahay sa malaking silid-aklatan na punung-puno ng mga libro. Napatingin siya sa bintana dahil ang gandang tingnan ng swimming pool sa likod-bahay. Kung hindi nakakahiya at may dala siyang swimsuit ay baka naglunoy muna siya roon bago pumunta sa *Fritz Café* sa Taguig kung saan niya ibibigay ang libro sa kaibigan ni Dr. Dee.

Hindi raw mahanap ng katulong ang libro kaya nag-text siya kay Dr. Dee. Tumawag sa kanya ang doktor, nasa aparador daw na nasa likod ng mesa ang libro, sa second row.

May mga framed pictures doon ng fencing team kung saan kabilang ang boss niya. Inisa-isa nila ng katulong ang mga libro. Inilagay niya ang ipinapanap ng doktor sa malaking paper bag at

nagpapara ng taxi sa guard ng subdivision.

Nagpahatid siya sa Taguig. Malayo pa sa Mahogany Street kung nasaan ang *Fritz Café* ay nahagip ng kanyang mata ang isang babae na bumaba sa puting kotse. Parang si Mrs. Dee!

“Manong, Manong, ihinto doon sa gilid!” Sundan niya kaya ang babae para malaman kung ano talaga ang istorya? Nag-abot siya ng pera sa driver, isinuot ang sunglasses at bumaba ng taxi. Dumerecho siya sa isang open air resto kung saan pumasok si Mrs. Dee. Sa pinakadulong mesa na medyo natatakpan ng malalaking plorera ay nakita niya ang ‘namatay’ na ginang na nakasuot ng dark sunglasses at kasama ang isang guwapong tsinitong lalaki na kamukha ni Dr. Dee. Magkahawak-kamay ang mga ito sa mesa.

Malapit ang mesa sa maliit na bintana. Pasimple siyang lumakad palabas at muntik na siyang madapa dahil sa tubo na nakausli sa lupa. Mabuti at nakahawak siya sa bakod. Pumuwesto siya sa tabi ng bintana at pigil ang hiningang nakinig sa usapan ng dalawa.

“Dapat kasi sinigurado mong nasa kamay mo ang bank book bago natin pinasabog ang kotse,” iritadong sabi ng lalaki.

“I really thought that the bank book was with me. I’m sorry, hindi ko na-check,” ani Mrs. Dee sa mababang boses. “Ugali ni Gonnie na iipit ang bank book sa mga libro on the second row ng aparador na nasa likod ng table. ’Tapos kapag kailangan niya ay isa-isa niyang hahanapin sa mga libro. It’s his strange, careless way of keeping things. At ang pinakahuli kong naalala ay parang d’un sa librong *Nerve Analysis* niya iyon inipit.”

“Kung doon man niya iyon nailagay, siguradong kukunin niya muna ang passbook doon bago ipahiram sa atin.”

“Gonnie is very forgetful when it comes to his things,” siguradung-sigurado na sagot ni Mrs. Dee.

“Okay, I’m going to meet his secretary in thirty minutes. Sana nandoon sa librong hinihiram ko ang bank book.”

Nang banggitin ng lalaki ang appointment nila ay napatakbo siya pabalik sa kalsada at pinara ang papadaan na taxi. Hindi na siya nagpatumpik-tumpik. Sa sasakyan ay inalis niya ang mabigat na librong *Nerve Analysis* sa paper bag at binuklat iyon.

Sa pangalawang buklat ay tumambad sa kanya ang isang bank book. Binuksan niya iyon at nakitang

nakapangalan kay Dr. Gonzalo Dee ang napakalaking halaga. Nahintakutan siya. Agad niyang kinuha ang cellphone at tumawag sa doktor.

“Yes, Rina?”

“Doc Dee, napansin ko po kasi, may bank book po na nakaipit sa libro. Ano po ang gagawin ko dito?”

Sandaling natahimik ang nasa kabilang linya. “May ooperahan kasi ako ngayon sa hospital. Itago mo na lang muna at ihatid sa akin mamaya sa bahay. Thanks, Rina, ha.”

“Opo.”

Nagpaalam ang doktor bago nawala sa linya. Ipinasok niya ang bank book sa shoulder bag at bumaba nang tumigil sa tapat ng *Fritz Café* ang taxi. Humugot muna siya ng malalim na hininga bago bumaba at pumasok sa loob. Pinili niya ang pinakadulong mesa at naupo sa komportableng couch. Hindi nagtagal ay pumasok din ang Chinese na kakuwentuhan kanina ni Mrs. Dee. Inisa-isa nitong tingnan ang mga mesa.

Nginig ang kamay na kumaway siya rito. “Dr. Tan?” tanong niya.

Ngumiti rin nang magalang ang surgeon. Mahilig

pala sa surgeon si Mrs. Dee. Ikinuwento kasi sa kanya ni Mimi habang nag-aayos siya paalis na iyon din daw ang specialization ni Dr. Rick Tan at kaklase ito ni Dr. Dee noong high school. Marami daw ang nagkakamali na magkapatid ang dalawa dahil medyo magkamukha at parehong chinito. Pero hindi umano magkamag-anak ang mga ito.

“Nandyang ang libro?” tanong ni Dr. Tan. Kung hindi niya lang alam na interesado sa bank book ang manggagamot na ito ay aakalain niyang normal lang ang pagtingin nito sa paper bag.

Pero ngayon ay nababasa niya sa mga mata nito ang kasakiman. Kawawang Dr. Dee! Trinaydor ng asawa at ng matalik na kaibigan. Sa bait ng lalaki, bakit kaya ito nagawang gaguhin ng dalawa?

Iba na talaga kapag kasakiman ang pumasok sa utak. Nawawasak ang puso niya para sa amo.

Ibinigay niya ang paper bag kay Dr. Tan.

“Ano ang gusto mong kainin?” Tatawag sana ito ng waiter.

“Ay, huwag na po. Kailangan ko po kasing bumalik ng clinic dahil marami pa po akong gagawin.”

“Okay.” Mukhang nagmamadali rin itong umalis.

Nagpaalam siya at pumara ng taxi pagkalabas. Bumalik siya sa clinic at nang dumating ang alas cuatro at tapos nang ipasok ang mga records sa computer ay pumara uli siya ng taxi para pumunta sa *Corinthian Hills*, pabalik sa bahay ng doktor.

Wala pa si Dr. Dee kaya nakipagchikahan siya sa dalawang katulong sa kusina. Natuklasan niyang malaki pala ang respeto ng mga ito kay Mrs. Dee. Kahit daw istrikto ang babae ay mabait naman umano kung makasanayan. Ano kaya ang mararamdaman ng mga ito kung ichika niya na nakita niyang buhay ang among babae? Kinagat na lang niya ang dila. Ligtas siya kapag may selyo ang bunganga.

“Palagi ba dito si Dr. Rick Tan?” tanong niya.

“Bihira. Sa labas kasi gumigimik ang mga ’yan.”

Gusto niyang magpaka-*Nancy Drew-Girl Detective*, pero hindi na niya alam kung ano ang sunod na itatanong. At hindi rin nagtagal ay dumating na si Dr. Dee.

Ipinatawag siya nito sa library. “Salamat, Rina, ha,” ulit nito nang iabot niya ang bank book. “Binigyan ka na ba nila ng merienda?”

“Opo.” Kung sabihin na niya kaya ngayon ang katotohanan sa kaharap? “Doc, ah, ano kasi...”

“Yes, may problema ba?”

Napatitig na lang uli siya. Nauumid na naman ang kanyang dila.

“Ah, okay. Don’t worry bibigyan kita ng reward.”

“Ay, hindi po!” Dali-dali niyang pagtatama sa iniisip ng lalaki. “Ah, baka po may gamot kayo diyan. Sumasakit po ’yong tiyan ko.”

Ngumiti ang doktor. Tumayo ito at lumabas ng silid. Pagbalik ay may dala na itong mefenamic acid. “Thahatid na kita sa inyo.”

Magkasama silang lumabas ng mansion at sumakay ng kotse. Kahit ang amoy ng sasakyan ay masarap din, kasing-sarap ng surgeon na nagda-drive.

Parang nawala ang nerbiyos na nadama niya kanina ngayong nasa tabi lang si Dr. Dee. Kinikilig siya. Ang sarap ng buhay! Tumingin siya sa rearview mirror para pasimpleng tingnan ang sarili nang mapatingin din ang surgeon. Kapwa sila nag-iwas ng tingin. Nararamdaman niya ang sarili na namula. Nadoble ang kilig! Umubo siya para ibalik sa tamang huwisyong ang sarili.

Siya talaga ang bida sa kanilang kalye nang ibaba siya ni Dr. Dee mula sa magarang itim na *Jaguar*.

The Rich Widower - Sefah Mil

Humaba talaga ang leeg ng mga tambay sa *Ningning's Sari-Sari Store*. Hindi muna siya pumasok ng iskinita dahil hinintay niyang makaliko ang sasakyan.

“Boyfriend mo ’yon, Rina?” tanong ng isang lasenggo.

“Surgeon siya,” impaktita niyang sagot sabay isnab sa lahat. Sana makaabot kay Maning para dodoble ang gigil nito.

3

There was something adorable about Rina. Hindi lang ang boobs. Nakakaakit din ang mukha ng dalaga, pati ang personality. Habang bahagyang nakabukas ang pintuan ay nagnakaw ng tingin si Gonnie Dee sa sekretarya na may kausap na pasyente.

Sa totoo lang, hindi talaga siya umaasa na magiging maayos ang trabaho nito. Alam niyang hindi ito college graduate. Dahil sa awa kay Aling Dolor kaya niya ito tinanggap. Pero sa nakikita niya, mahusay ito sa trabaho. Matalino at mabilis matuto. Minsan naririnig niyang nag-uusap ito at si Mimi. Iba ang hirit kung magsalita. May pagkaluka-luka na nakakaaliw.

Baka crush niya ang sekretarya. Napailing siya at napangiti. Mahilig siya sa mga eleganteng babae tulad ni Rose, hindi sa mga kikay na tulad ni Rina. Tumigil siya sa pagsusulat at tumingin uli sa lamesa ng sekretarya. Hindi! Nami-miss niya lang si Rose.

Tumunog ang cellphone niya. Si Rick. “Pare, kailangan ko iyong libro sa *Clinical Neurology*, pahiram naman. May ginagawa kasi akong study.”

“Sige, ipapahatid ko na lang uli sa sekretarya ko.”

Tinawag niya si Rina at inutusan na kunin ang libro at ihatid uli kay Rick sa *Fritz Café*.

“Sir, wala bang pera si Dr. Tan para bumili ng sarili niyang libro?” tanong nito na parang nakikipag-usap sa tambay sa *Ningning’s Sari-Sari Store*. “At imposibleng wala siyang ganoong libro. Kung anuman ang mga libro na nasa library mo, siguradong meron din sa library niya.” At sa mababang boses ay nagpatuloy ito. “Baka kasi ang gusto niyang kunin, eh, kung ano ang nakaipit sa mga libro mo.”

Medyo natigilan siya sa huling sinabi ng sekretarya. Marami nga talaga siyang inipit sa mga libro niya sa aparador. Dapat pala i-check niya muna ang mga libro niya bago ipahiram. Tumawag siya kay Rick. “Pare, ako na lang ang mag-aabot sa ’yo bukas. Labas tayo.” At sinenyasan niya ang sekretarya na wala na siyang kailangan.

Pagdating sa bahay ay tiningnan niya muna ang librong *Clinical Neurology*, kung may mga nakasipit ba roon, bago iyon ipinasok sa kanyang sasakyan para hindi niya makalimutan bukas. Gaya ng ipinangako, siya mismo ang nag-abot ng libro kay Rick habang nag-iinuman sila sa paborito nilang bar.

“Alam mo, Pare, muntik ko nang naibigay ang bank book ko sa iyo,” kuwento niya sa kaibigan. “Mabuti at nakita ng sekretarya ko.”

“Ng sekretarya mo?” tanong ni Rick. Napailing ang kaibigan. “Bakit mo kasi iniipit ang bank book mo sa libro? Dapat itinatago ’yon.”

“Yon ang paraan ko ng pagtatago. Kung may pumasok na magnanakaw sa bahay mo, iisa-isahin ba n’un ang mga libro para maghanap ng kayamanan?”

Napatawa ang kabigan. “Oo nga, ’no? Buti at hindi iniuwi ng sekretarya mo?”

Umiling siya. “Rina is an honest girl.”

Napatigil si Rick at napangiti. “Do you like your secretary? She’s very pretty.”

Napatawa siya.

“At tumatawa ka na ngayon.”

Natigil siya sa pagtawa. “I don’t like her. Not that way. Pare naman! Five months pa lang namamatay ang asawa ko para tuksuhin mo ako ng ganyan.”

“Nabanggit mo rin si Rose sa wakas. Kanina puro lang Rina.”

Itinaas niya ang kamay sa hangin para tumigil

na ang kaibigan.

“And you’re blushing like a teenager.”

Pakiramdam niya ay mapapaluha siya sa hiya. Dinampot niya ang beer at nanood ng *FIFA World Cup* sa telebisyon na nasa harap nila.

“Pikon,” ang huling sabi ni Rick bago rin nito itinutok ang mga mata sa TV.

“Kumusta na ang pag-iibigan n’yo ni Dr. Dee?” tanong ni Lola Dolor habang pinaplantsa ang susuotin niya sa klinika para bukas.

“Hay naku, wala!” sagot ni Rina. “d’La Dolor naman. Huwag ka nang umasa na magkakagusto sa akin ’yon. Napakailusyonada nating dalawa.”

Naalala niya nang dumuko siya para punasan ang lamesa. Napatingin din naman ang doktor pero agad din nitong binawi ang mga mata. Mukhang hindi interesado. Baka kasi gusto nito ang mga flat-chested na tulad ni Mrs. Dee.

“Baka kasi hindi mo nilalambing. Ipakita mong maalalahanin ka. Dalhan mo ng siopao.”

“Hay, naku, baka hindi ’yon mahilig kumain ng

siopao.”

“Hoy, ’Day, walang mawawala sa ’yo kung subukan mo.”

Oo nga at walang mawawala sa kanya kung i-try niyang bigyan ng pasalubong ang amo. Wala namang magkakaroon ng cholera kung ipapakita niya kay Dr. Dee na thoughtful siya. Kinaumagahan ay bumili siya ng isang karton ng pastillas sa *Benny’s Bakeshop* sa palengke.

Saktong palabas siya ng pintuan nang sinalubong siya ni Rolly.

“Rina, ang hirap mo nang hagilapin ngayon, ah.”

Hindi siya sumagot. Dumerecho lang siya sa sakayan ng jeep pa-EDSA. Hinatak siya pabalik ni Rolly.

“Mag-usap naman tayo,” makaawa ng lalaki.

“Ano ba, busy ako!” Ewan niya pero nawalan na talaga siya ng amor sa nobyo—o dating nobyo. Hinablot niya ang kamay mula rito at sumakay na ng jeep.

Pagdating sa trabaho ay naglinis muna siya sa klinika bago umupo sa likod ng lamesa. At nang dumating si Dr. Dee ay iniabot niya rito ang

pasalubong.

“Rina, salamat, ha,” magalang na sabi ng doktor bago pumasok sa silid nito.

Mahilig siyang magbigay ng regalo kay Rose. Ang hindi alam ni Gonnie, masarap din palang tumanggap ng regalo. Hindi kasi ugali ng pumanaw na asawa na bigyan siya ng regalo o pasalubong. Binuksan niya ang karton at tinikman ang pastillas. Masarap!

Napatingin uli siya sa giwang ng medyo bukas na pintuan at doon abala ang sekretarya sa pagko-computer.

Damn! Ano ba 'to?

Parang totoo ngang nagkaka-crush siya kay Rina. Nakakahiya siya! Wala pang isang taong patay ang asawa niya ay heto siya't natataranta na sa ibang babae. Nakokonsyensya siya. Napatingin din si Rina sa kanyang silid kaya agad siyang napayuko. Dapat hindi malaman ng sekretarya na nagkakainteres siya rito.

Napaka-unprofessional niyon. Siguro nangangailangan lang siya kaya naa-attract kay Rina.

Tinawagan niya ang kaibigang si Lizbeth para

makipag-date dito mamayang gabi. Cool ang babae at madaling makaintindi. Pagkatapos ng kanilang dinner at tatlong baso ng wine ay dumerecho sila sa hotel. At habang nagyayakapan sa ilalim ng kumot ay inihayag niya sa kaibigan ang kalituhan.

“I think I like my secretary.”

Napatawa si Lizbeth. “You’re funny, Gonnie, kahit noon pa. Napakaguwapo mo but you’re always a child when it comes to women. ’Ayan kasi masyado kang busy sa pag-aaral kaya delay ang maturity mo sa kamunduhan. Rose was your only girlfriend, am I right?”

Tumango siya. Nakilala niya si Rose noong nineteen siya. Mas matanda sa kanya ang babae ng apat na taon. Nagtatrabaho ito noong editor sa Amerika. Nagkakilala sila minsan isang Filipino Day sa Massachusetts.

Tama si Lizbeth. Masyado siyang tutok sa kanyang pag-aaral. Napakaistrikto kasi ng kanyang papa. Valedictorian at *cum laude* lang ang kayang tanggapin ng kanyang mga magulang.

“Learn to expect crazy things, Gonnie. It happens sometimes. I want to meet this Rina girl. I’m sure she’s exceptional. Saan mo siya nakilala?”

“Technically sa sementeryo. Ang lola niya ang tagapag-alaga ng puntod ni Rose.”

Natawa ulit si Lizbeth. “Go! Para hindi mo na ako tatawagan when you need sex.”

Napatawa silang dalawa. Biyuda rin kasi ang babae at enjoy itong pumatol sa natitipuhan nito.

Kung may pag-asa lang si Rina na makapag-aral, siguro medisina ang kukuhanin niya. Gusto niyang maging surgeon—hindi dahil sa gusto niyang manggamot, kundi dahil sa laki ng kita. Napatawa siya sa iniisip.

Sa tatlong buwan niya sa pagiging sekretarya, tatlong libo ang pinakamurang singil sa pasyente para sa doctor’s fee. Sinuma nga niya ang professional fee ni Dr. Dee ngayong kalahating araw lang. Umabot ng twenty thousand sa walong pasyente lang.

At siyempre, malaki rin ang kita ni Doc Dee sa hospital dahil may mga in-patients doon at doon ginagawa ang operasyon na higit pa sa kalahating milyon ang presyo.

Tatlo ang ooperahan nito ngayong linggo. Magkano kaya iyon?

The Rich Widower - Sefah Mil

Inilalagay niya ang kita ng buong linggo ng klinika sa isang supot para maipasok niya sa account sa *Metrobank* nang may pumasok sa klinika—si Dr. Rick Tan. Nakaramdam na naman siya ng nerbiyos. Bakit ba kasi sa dami ng tao sa mundo, siya pa ang nakatuklas ng mga sekreto nito? Siguradong mas maaliwalas ang buhay niya kung wala siyang alam sa buhay nito at ng buhay pang si Mrs. Dee.

“Hi, Lovely!” bati sa kanya ni Dr. Tan sabay bigay ng nang-aakit na ngiti. Pumasok na ito sa klinika ni Dr. Dee.

Natigilan siya sa inakto nito. Ano iyon? Nakakaloka!

Ikinuwento niya ang nangyari sa kasamang nurse na hinihintay niya para makapunta na sa bangko.

“Hmm... baka type ka ni Dr. Tan,” sabi ni Mimi.

“Naman!” sabi niya. Masyado na yata siyang maganda kung magkakainteres sa kanya ang kontrabidang doktor.

“Hoy, may hitsura ka! Ang kulang lang sa 'yo ay self-confidence at dagdagan ang landi. Suot ka nga uli ng labas ang cleavage na 'yon.”

“Tse!”

The Rich Widower - Sefah Mil

At hindi nagtagal ay lumabas sa silid ang dalawang doktor. Huminto si Dr. Tan at tumingin sa lamesa niya. “Rina, I’ll be throwing a party this weekend. Invited kayo ni Mimi.”

“Ay, Sir, totoo?” tanong ni Mimi na nasa tabi niya.

“Yeah,” palakaibigang sagot ni Dr. Tan. “Wear your dancing shoes, ha!”

Siniko siya ni Mimi. Mahilig ang nurse sa gimikan. Nakalabas na sila nito minsan. Ang landi ng babae kapag nasa labas. Nagba-backless kahit mapata ang likod. Mahilig din ito sa mga guwapo.

Ang totoo, nae-excite din siya. Inaaninag na niya kung ano ang susuotin. Dapat naka-red siya.

“Be there, ha!” anang doktor bago nakalabas ng pintuan ng klinika.

“Excited si Mimi,” tukso ng boss nila.

“Doc, paano po ang luksa n’yo? Dapat makapunta kayo sa party ni Dr. Tan,” sagot ng nurse.

“Pupunta ako sa party, hindi ko rin mahindian si Rick. Pero, siyempre, hindi ako puwedeng makipagsayaw. Alam mo namang wala pang isang taon ang pagkamatay ni Rose.”

Nasaktan siya sa narinig. Paano kaya nagawang lokohin nina Doc Rick at Mrs. Dee ang amo niya gayong ang bait nito sa kanila? Kung puwede lang ipamukha sa dalawang iyon kung gaano kademonyo ang mga ito ay gagawin niya. Nasasaktan siya.

Kung puwede lang sanang yakapin si Dr. Dee...

Mabigat ang loob na umalis siya sa klinika. Para mawala ang mga negatibong enerhiya ay pumunta siya sa *SM Megamall* at bumili ng pulang damit.

Nakita niya ang isang seksing backless. Siguradong bongga siya sa Sabado. May tatlo pa siyang araw kaya magbababad siya sa dance studio ni Miggie para ma-refresh ang salsa skills niya. Nang sumunod na araw ay sumama siya kay Lola Dolor sa pagpunta kay Miggie. Doon siya nagpapawis nang tatlong araw. Nang dumating ang Sabado ng hapon ay nagpa-makeup siya kay Darlene Bakla na may parlor sa palengke.

“Rina, lagyan mo naman ng extra landi ang galaw mo,” ulit ni Lola Dolor sa sinabi ni Mimi minsan habang isinusuot niya ang dangling earrings sa kanyang tainga. “Iyong maalindog ba at nakakaakit.”

“Oo na.” Sinuklay-suklay niya ng kanyang kamay ang kinulot niyang buhok at isinuot ang shoulder bag.

Sinamahan siya ni Lola Dolor na makalabas.

At natahimik ang lahat ng tambay nang dumaan sila sa *Ningning's Sari-Sari Store*. Nandoon si Rolly kaya hindi napigilan ni Lola Dolor na magparinig sa napakalakas na boses.

“Rina, sana pagbalik mo mamaya ay may dala ka nang doktor, ha!”

Natawa siya sa gimik ng kanyang lola. At gusto niya itong sakyan. “Oo ba, surgeon talaga ang iuuwi ko.”

Naghagikgikan silang maglola nang palapit na sila sa Crossing. May lahi silang mayabang! Pumara siya ng taxi at nagpahatid sa Timog kung saan ang venue ng party.

Pagdating niya sa *Fiametta Bar* ay punung-puno na ang lugar, umaalingawngaw na ang salsa at nagliliparan ang dancing lights. Nag-text siya kay Mimi at nag-textback ito na nasa dulong mesa raw ito, sa kanan. Nakita niya agad ito, sexy sa suot na pink cocktail dress. May kasama itong babae, sekretarya raw ni Dr. Tan.

“Ang bongga mo talaga, Girl!” sabi ni Mimi.

Kumindat siya sa kaibigan at sumayaw-sayaw.

“Rina!” Si Dr. Tan. Umakbay ito sa kanya at hindi niya alam kung paano magre-react. Dapat ba siyang magalit o dapat maging cool?

Siyempre, cool! Party ito kaya dapat itapon muna sa labas ang mga negatibong bagay. Iniyakap niya ang braso sa baywang ng lalaki at ngumiti rito.

“Doc Rick, nice party!” sabi niya.

“Let’s dance!” Kinaladkad siya nito sa gitna at nakihataw sila sa ibang nagsasayaw.

Magaling pala itong sumayaw. Graceful pero machong-macho pa rin. At parang si Miggie rin kung magdala ng kapareha, magaan ang kamay. Nag-enjoy siya sa pag-indak sa gitna. Nakaanim na tugtog sila hanggang sa sumuko siya dahil sa uhaw.

At sa totoo lang, hindi pa siya kumakain. Dinala siya ni Dr. Tan sa buffet table at binigyan siya nito ng pinggan. Nang nakakuha siya ng pagkain ay bumalik siya sa lamesa ni Mimi. Nandoon si Dr. Dee. Mukhang hindi ito nasasayahan sa party. Parang nalulungkot na aburido. Hindi man lang siya binati.

Ano ang problema ng isang ito?

“Hi, Doc!” bati niya.

Tango lang ang sagot ng surgeon.

The Rich Widower - Sefah Mil

Dumating si Dok Rick sa mesa dala ang isang baso ng tubig. “Sayaw uli tayo mamaya, Rina.” At sumaludo ito sa kaibigan bago umalis.

Habang kumakain ay napapatingin siya sa kaharap na doktor. Parang galit ito na ewan. Parang ayaw tumingin sa dako niya. Ano ba ang nagawa niyang kasalanan?

Hindi mabawi ni Gonnie ang mga mata sa magandang likod ni Rina. Hindi niya akalain na ganoon iyon kahubog kapag walang takip. At buwisit na buwisit siya habang nakatingin sa kamay ni Rick na nakahawak sa likod ng dalaga habang nagsasayaw ang mga ito. Katatapos nga lang kumain ng kanyang sekretarya at hayun na naman, sumasayaw sa gitna kasama ng kaibigan niya.

Hindi rin niya akalain na magaling pala itong sumayaw. Ni ayaw niyang ikurap ang mga mata. Gusto niya ang mga babaeng magaling sumayaw. Magaling sumayaw si Rose, graceful and poised. Si Rina, graceful and free at mas animalistic ang dating. Ngayon niya nakita ang pagka-femme fatale ng sekretarya. Nang mapagod ito uli sa kasasayaw ay inihatid ito ni Rick sa kanilang mesa. Mga quince minutos pa lang itong nakakaupo nang lumapit si Dr.

Zalde sa kanila at nagyaya sa dalaga na sumayaw. Pinaunlakan naman ito ng sekretarya. Lalo siyang nairita. Sa sunod na pag-upo nito ay kakaladkarin na niya ito ng uwi.

Mga limang musika ang sinayaw ng mga ito bago muling napabalik sa mesa si Rina. Hindi na siya nagpatumpik-tumpik pa.

“Rina, I’m going. Get your pouch and I’ll send you home.”

Natigilan ito at napatingin sa dance floor, mukhang gusto pang mag-enjoy. Pero kinuha nito ang pouch sa upuan at sumunod sa kanya. Lumapit siya kay Rick para magpaalam.

“Whoa! Hatinggabi pa lang. Ang aga pa!”

“May pasyente pa ako bukas. See you next time!” Namilit pa si Rick na huwag muna silang umuwi pero desidido na siya. Nagpaalam din siya sa ibang bisita bago dumerecho sa labas kung saan naka-park ang kanyang sasakyan. Pinagbuksan niya ng pinto si Rina.

Nagreklamo ito na gutom na naman daw habang binabaybay nila ang Quezon Avenue.

“Gusto kong mag-batchoy. Hinto tayo doon sa palengke. Libre kita,” sabi ng sekretarya.

Wala nang bukas sa palengke kaya pumasok na lang sila sa *7-Eleven* at doon bumili ng *Lucky Me* cup noodles. Medyo busog siya sa kinain sa party ngunit sinabayan niya si Rina sa paghigop ng sabaw habang pinag-uusapan nila ang kanilang mga magulang.

“Putok ako sa buho,” walang hiya-hiya na kuwento ng katabi sa mesa. “Hindi ko nga kilala ang tatay ko hanggang sa ngayon. Ang kuwento ni Lola Dolor, sinabunutan niya raw ang nanay ko nang malamang nabuntis ito ng isang pobreng tindero. Iyong nakasakay sa baka at karo na nagtitinda ng mga lamp shades, duyan, salamin na gawa sa mga nito at buri. Okay lang daw mabuntis sabi ni Lola, basta mayaman.” At natawa ito kaya natawa na rin siya.

Kinuwento niya rin dito na namatay ang kanyang mga magulang sa cancer, ang kanyang ama sa colon cancer, ang kanyang ina ay sa breast cancer.

“Ay, hindi man lang nila nakita ang mga apo nila. Bakit pala wala kayong anak, Doc? Mahina, ano?”

Napangiti siya. “Siguro nga mahina at hindi makabuo-buo.”

“Ay, palagay ko madali akong makabuo!”

At nagtawanan silang dalawa.

The Rich Widower - Sefah Mil

Umabot sa alas dos ang kanilang usapan hanggang sa nagreklamo si Rina na inaantok na raw kaya inihatid na niya sa Barangay III-C.

“Good night, Doc Dee!” malambing na paalam ni Rina habang papababa ito sa kotse.

Nagtinginan sila kung sino ang magbibigay ng halik nang binigla siya ng babae. Hinalikan siya nito sa kanang pisngi.

“Uyy, nagulat!” tukso nito sabay sarado ng pinto.

Napailing tuloy siya at iniatras na ang kotse.